KAPASYAHAN BLG. 32
KAUTUSAN BLG. 3 - A

NA NAG-AATAS SA LAHAT NG NAGTITINDA NG GULAY at ISDA SA NASASAKUPAN NG KALSADA SA BAYANG ITO

SAPAGKAT, napag-alaman ng Sangguniang Bayan na marami ang nagtitinda ng gulay at isda sa nasasakupan ng kalsada sa bayang ito;

SAPAGKAT, ang pagtitinda ng gulay sa mga kalsada ang siyang nakapag pahina ng kita ng mga nagtitinda ng gulay at isda sa Palengke ang siyang sanhi ng kanilang pagreklamo sa Tanggapang ito;

SAPAGKAT, ang pagtitinda ng gulay at isda ay dapat isasagawa sa Pamilihang Bayan upang matuto ang mga tao sa pagpunta sa Palengke, kung kayat ang Sangguniang Bayan ay nag-atas ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Ang lahat ng nagtitinda ng gulay at isda sa nasasakupan ng kalsada sa bayang ito ay inaatasang lumipat ng pagtitinda sa Pamilihang Bayan, sa Campaasan sa mga lugar o puwestong inilaan ng Pamahalaan;

SEKSYON 2. Ang sinumang maglabag ng Kautusang ito ay magmumulta ng halagang Isang Libong Piso at mamimilanggo ng anim na buwan o alin man sa pasya ng Hukuman;

SEKSYON 3. Kautusan o mga Kautusan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 4. Ang Kautusang ito ay magkakaroon ng bisa sampung araw matapos pagtibayin.

PINAGTIBAY NG LAHAT:

PINATUTUHANAN KO ANG KAWASTUHAN ng Kautusang ito.

(SGD) EDUARDO A. BURUANGA
Kalihim ng Bayan

CERTIFIED TRUE COPY
DECEMBER 3, 1992

SIXTO O. BARRIENTOS
Secretary to the Sanggunian

/jap

Remarks: Duplication due to the passage of Resolution No. 47 s 92, Ordinance No.



Scanned with CamScanner